

**PAUNAWANG IMPORMASYON**

Hindi Magawang Mapatotohanan ang Pagkamamamayan  
/ Pagkakakilanlan sa Estados Unidos (U.S.) /  
Sa Pamamagitan Ng Social Security Administration



Notice Date: \_\_\_\_\_

Case Number: \_\_\_\_\_

Worker Name: \_\_\_\_\_

Worker Number: \_\_\_\_\_

Worker Telephone Number: \_\_\_\_\_

Office Hours: \_\_\_\_\_

ANG PAUNAWANG ITO AY UPANG IPAGBIGAY-ALAM SA IYO NA HINDI NAMIN MAPATOTOHANAN ANG IYONG PAGKAMAMAMAYAN AT PAGKAKAKILANLAN SA ESTADOS UNIDOS SA SOCIAL SECURITY ADMINISTRATION (SSA). ITO AY NAKAKA-APEKTO SA MGA SUMUSUNOD NA TAO:

*Ilagay ang (mga) Pangalan Dito*

Hinihiling ng batas Pederal na ang mga non-exempt na aplikante at umaasa sa Medi-Cal na nag-aangkin bilang mga Mamamayan o Nasyonal ng Estados Unidos, na magkaloob ng katibayan ng kanilang katayuan at pagkakakilanlan bilang Mamamayan/Nasyonal ng Estados Unidos. Para sa karamihan, ito ay nagagawa sa pamamagitan ng pagpapatotoo ng iyong impormasyon sa SSA. Gayunman, hindi nagawang mapatotohanan ng SSA na ikaw ay isang Mamamayan o Nasyonal ng Estados Unidos.

Sa loob ng 90 araw, kailangan mong magkaloob ng mga tinatanggap na dokumento ng iyong pagkamamamayan at pagkakakilanlan sa Estados Unidos sa iyong manggagawa para sa kaso ng county. Ito ay kinakailangan upang patuloy na matanggap ang ganap na saklaw ng mga benepisyong sa Medi-Cal.

- Ang 90-araw ng panahon na ito ay magsisimula sa ika-pitong araw batay sa kalendaryo makalipas ang petsang nakalahad sa paunawang ito.
- Ang paunawang ito ay sinasamahan ng impormasyon kung saan ang mga dokumento ay tinatanggap. Mangyari lamang na tingnan ang “Ang mga Mamamayan at Nasyonal ng Estados Unidos na Naga-Applly para sa Medi-Cal ay Dapat na Magbigay ng Katibayan ng Pagkamamamayan at Pagkakakilanlan (DHCS 0001)” o “Katibayan ng Pagkamamamayan at Pagkakakilanlan – Mga Bagong Kahilingan para sa Mga Umaasa sa Medi-Cal na Mga Mamamayan o Nasyonal ng Estados Unidos (DHCS 0002).”
- Sa ilang pagkakataon na karapat-dapat para sa ganap na saklaw sa mga benepisyong ng Medi-Cal, ikaw ay makatanggap ng mga benepisyong ito sa 90-araw na takdang panahon.
- Kung hindi makatanggap ang county ng isang katanggap-tanggap na mga dokumento mula sa iyo, ang iyong mga benepisyong ay mababawasan sa limitadong saklaw na mga benepisyong kasunod ng katapusan ng 90-araw na takdang panahon. **HINDI** namin babawasan ang iyong mga benepisyong ngayon. Kung ang iyong mga benepisyong ay mababawasan sa hinaharap, ang isa pang paunawa ang ipapadala tungkol doon.

Ang mga limitadong benepisyong ay sasaklaw lamang sa emerhensya, may kaugnayan sa pagbubuntis, at pangmatagalang pangangalaga na mga serbisyo. Kung ikaw ay hindi tiyak kung ang isang bagay ay isang emerhensya, may kaugnayan sa pagbubuntis, o isang pangmatagalang serbisyo, makipag-ugnayan sa iyong medikal na provider.

Maaari ka rin makipag-ugnayan sa tanggapan ng SSA upang malutas ang bagay na ito. Kung ang SSA ay sumang-ayon na i-update ang mga rekord nito upang maipakita ang iyong pagkamamamayan at pagkakakilanlan para sa kaso ng county, kailangan mong ipaalam ito sa namamahala ng iyong kaso sa count. Kung gayon, ipapadala muli ng county ang kanilang kahilingan na patotohanan ang iyong pagkamamamayan at pagkakakilanlan sa Estados Unidos.

Ang paunawang ito ay hinihiling sa ilalim ng Welfare and Institutions Code section 14011.2